



Charter ng Komunidad

Kinikilala namin ang pagkakaiba-iba ng mga komunidad. Kami ay makikipagtulungan sa inyo upang maghatid ng mga serbisyo na sumusuporta sa mga komunidad na maaaring tirhan, inklusibo at likas-kaya (sustainable) at napapanatiling likas na kapaligiran.

Pagtupad ng aming pangako

Ang Charter ng komunidad ang simula ng aming trabaho, hindi ang wakas – at masasabing mahusay lamang ito, kung mahusay ang pagpapatupad nito. Ang DELWP ay makikipagtulungan sa inyo upang maisagawa ito sa antas na praktikal sa buong Victoria.

Kapag gumagana ang Charter:

- Mararamdaman mong ikaw ay kabilang at bahagi ng proseso ng paggawa ng desisyon
- Sasabihin mo sa amin na kami ay nakipag-ugnayan nang bukas at tapat
- Magiging malinaw sa iyo kung ano ang ginagawa namin, sino ang iyong lokal na mga kontak at kung paano ka namin matutulungan
- Magiging bukas ka sa amin at sasabihin sa amin ang iyong mga isyu at adhikain
- Magtitiwala ka na gagawin namin ang aming mga trabaho at makikipagtulungan sa iyo

Ano ang maaasahan mo sa amin

Sa lahat ng aspeto ng aming trabaho at pakikipag-ugnayan sa publiko, kami ay:

Maging available



Nakatutok sa komunidad na nakatalaga sa lugar

Kakausapin ka namin sa lugar kung saan ka nakatira, nagtatrabaho at naglalaro, at madali kaming makita sa lokal na mga komunidad

Aksesibilidad

Titiyakin namin na madaling makipag-ugnayan sa amin at ang aming impormasyon ay madaling maunawaan at makukuha ito sa maraming iba't ibang paraan

Kakayahang umangkop

Igagalang namin kung paano mo gustong makipagtulungan sa amin, at iaakma ang aming paraan ayon sa lokal na mga pangangailangan



Magsalita at makinig

Aktibong pakikinig at pag-unawa

Pakikinggan at uunawain namin ang iyong mga pananaw at pangangailangan at igagalang ang iba't ibang opinyon

Katapatan at pagiging bukas (transparent)

Magiging tapat kami tungkol sa kung ano ang nagbubunsod sa aming mga prayoridad, kung ano ang maipapangako namin at hindi maipapangakong gawin, ang mga petsang itinalaga namin (timelines) at kung bakit ginawa ang mga desisyon

Malinaw at may layunin

Magiging malinaw kami kung bakit at paano kami nakikipag-ugnayan, sinisigurong nagbibigay kami sa iyo ng tunay na mga oportunidad upang maka-impluwensya at makatulong sa pagbabago

Umaksyon



Napapanahon at proactive

Makikipag-usap kami sa pamayanan sa pinakamaagang panahon na makakaya namin, mabilis na tutugon sa mga isyu at puna (feedback)

Hindi pabago-bago at maaasahan (Consistency)

Titiyakin namin na kami ay hindi pabago-bago at maaasahan sa paraan ng aming paggawa ng desisyon

Pagtatapos

Ipapaalam namin sa mga komunidad ang tungkol sa mga kinalabasan ng mga proyekto at kung magbago man ang aming mga plano, ipapaalam din namin sa iyo kung mangyayari ito at kung bakit

Ang iyong feedback

Gusto naming malaman ang iyong feedback tungkol sa aming pagtatrabaho, para malaman namin kung tumutupad nga kami sa aming pangako. Ito ay tutulong sa amin na maunawaan ang iyong karanasan at mas mahusay na matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Makipag-ugnay sa amin upang sabihin sa amin kung paano kami nagtatrabaho.



Kung kailangan mo ng tulong, kontakin lamang ang Serbisyo sa Pagsasalinwika at Pag-iinterprete (TIS) para sa tulong sa pagsasalin at pagpapaliwanag sa wika

Kontakin ang TIS National sa 131 450 (sa loob ng Australya) o bisitahin ang www.tisnational.gov.au